

ANG MGA TERA-TERASANG PALAYAN
ng Laguna at Tayabas: Batayan ng Kabuhayan
noong Ika-10ng Dantaon?

Limitadong Pagbabasa

Anna Carla L. Pinzda

Archaeological Studies Program, U.P. Diliman

Nakapalibot sa lawa ng Ba'i ang probinsya ng Laguna, bundok ng Banahaw, at kapatagan ng Batangas at Quezon kaya hindi nakapagtataka na palay at bigas ang ilan sa mga importanteng produkto ng rehiyon. Bagamat ang mga palayang ito ay makikita sa mga kapatagan, mayroon ding makikitang mga tera-terasang palayan sa unti-unting pag-ahon ng bundok ng Sierra Madre.

Nakatutok ang halos lahat ng mga pag-aaral tungkol sa terasang palayan ng Pilipinas sa komunidad ng mga Ifugao sa Kordilyera (*cf.* Beyer, 1955; Keesing, 1962; Conklin, 1980; atbp.), habang bahagya pa lamang ang mga pag-aaral na ginawa tungkol sa mga terasang matatagpuan sa ibang lugar, lalung-lalo na ang nasa may rehiyon ng Laguna. Bagamat nabanggit din ang mga terasang ito sa iba pang mga ulat o sulatin (Beyer, 1955, 1957), si


Manuel (1994) pa lamang ang ganap na tumalakay sa potensyal na kalumaan ng terasa sa Katagalugan, lalung-lalo na ang mga terasa sa Majayjay, Laguna (*cf.* Larawan 1). Marahil ang dahilan ng ganitong relatibong kawalan ng interes ay ang pangyayaring hindi nakapalibot ang mga tera-terasang palayan sa mga matatarik na bundok kagaya ng sa Kordilyera; sa halip, banayad ang pag-ahon ng bundok ng Banahaw, at pumapalibot dito ang kapatagan na ginagamit din para sa pagsasaka. Sa kalakip na Mapa ng Luzon ipinakikita ang mga rehiyon kung saan may mga terasang palayan mula Kordilyera hanggang Katagalugan. Karamihan sa mga terasa ay tinatamnan pa rin (kabilang sa mga ito ang nasa Majayjay at Tayabas, Quezon), habang ang ilan ay nabanggit lamang sa mga ulat (*i.e.*, ang nasa Bulacan at Ilog Maapon bandang Mauban, Quezon) o may ebidensyang arkeolohikal na inabandona (*i.e.*, Kayapa, Nueva Vizcaya at Lobo, Batangas).



Larawan 1

Simula ng pag-aani sa terasang matatapan sa Majayjay, Laguna
[Kuha ng May-akda, ika-30 ng Mayo, 2009].

Batay sa mga pag-aaral ni Manuel (1994), iminungkahi ni Veneracion (2001, pah. 16-17) ang patuloy na pag-aaral sa mga tera-terasang palayan. Pinaniniwalaan niyang matagal nang ginawa ang mga ito. Ayon rin kay Tiongson (sa aklat na ito), ang mga tera-terasang palayan ay nagpapatunay sa katandaan ng mga lugar na ginamit bilang ruta ng Kasumuran – ang rutang nag-uugnay sa Maynila at Laguna patungong Kalaylayan o kabaybay-dagatan ng Silangang Luzon sa Pasipiko. Batay rito, maiging pag-aralan ang posibilidad na ginamit ang mga terasang ito bilang sakahan noong ika-10ng dantaon.



Mapa ng Luzon

Mga terasang palayan mula Kordilyera hanggang Katagalugan (ginagamit pa at hindi na).

Pagtatanim sa Paligid ng Laguna

Malaking negosyo ang pagsasaka sa mga lugar ng Laguna, Quezon at Batangas dahil sa kapatagan ang kanilang lupain na magandang pagtamnan ng palay. Ngunit maraming pagkakaiba ang pamamaraan ng pagtatanim ng mga tagapatag at tagabundok (Alvero-Boncocan at Diestro, 2002, pah. 9; Scott, 1994, pah. 191, 200). Gumagamit ang mga tagapatag ng paraang tubigan kung saan ginagamit ang tubig ng Laguna de Bai para sa kanilang palayan. Madalas gamitin ang tubig-baha para sa irigasyon. Ang maiging tingnan ay ang paraan ng paggawa ng irigasyon at malaman kung ano ang mga inaani bukod sa palay.

May kalapitan din ang mga lugar na ito sa Laguna de Bai, na siyang pinagmumulan ng tubig bilang irigasyon sa palayan. Nabanggit din na gumagamit ang mga tao ng mga estero bilang irigasyon sa Lucban (Veneracion, 2001, pah. 63). Madalas din ang pagbaha sa mga lugar na may kalapitan sa lawa, na siyang nagdulot ng paglago ng palay na may mahahabang tangkay, mula sa tubig na may isa't kalahating metro ang lalim (Scott, 1994; Veneracion, 2001). Ito'y maaani lamang mula sa bangka. Kasalukuyang ginagamit pa rin ang paraan ng natural na irigasyong mula sa lawa sa ibang lugar ng Laguna de Bai; isa na rito ang sa Angono (Reyes, 2009) at sa Isla ng Talim (Barretto-Tesoro, sa aklat na ito). Sa pagtaas ng tubig sa mga lawa at ilog dala ng tag-ulan, nagiging madali ang pagpapatubig ng mga palayan. Sa isang pagsisiyasat sa isang baranggay sa Pila, Laguna, inulat nina Hayami at Kikuchi (2008, pah. 28) na noong 1958 lamang nagkaroon ng tubigan mula sa Ilog ng Sta. Cruz na siyang dumadaloy patungong Laguna de Bay. Bago pa man ito ginawa, karamihan na sa mga tao ay nakatira sa mga mataas na lugar, at ang kanilang mga palayan ay naka-depende sa tubig-ulan at mga bukal mula sa bundok.

Ginagamit naman ng mga tagabundok ang paraang pagkakaingin, na kung saan mabilis na lumilipat ang mga tao, kaya't hinahawan na lamang nila ang lupain para sa kanilang

mga tanim. Maaari itong iwan at balikan na lamang matapos ang ilang buwan o taon. Isinasabay ang pagtatanim ng palay sa pagkuha ng mga produktong mula sa gubat (Alvero-Boncocan at Diestro, 2002). Nabanggit din ni Manuel (1971) ang importansya ng pagkakaingin sa pamamaraan ng mga Tagalog, kung saan ang pagpuputol ng tatlong puno ay ginagawa lamang sa Bagong Taon at nililinis sa selebrasyon ng Tatlong Hari sa paraang tinatawag nilang “tayaba.” (Mapapansin din dito na ginagawa ang pagkakaingin sa karaniwang panahong hindi nagpapalay.)

Sa obserbasyon ni Jagor (1875/1916) sa kanyang paglalakbay sa Timog Luzon, nabanggit niya ang dalawang pagkakataong siya’y nakakakita ng mga terasa. Ang una’y natagpuan niya sa may Tobog (*Ibid.*, pah. 60) na may kalapitan sa Bulacan; ang pangalawa naman ay nakita niya sa kanyang paglalakbay mula sa Lucban, Quezon hanggang Mauban (*Ibid.*, pah. 73). Ayon sa kanya, nakapalibot ang rutang kanilang ginamit sa ilang tubig na dinaraan ng Ilog ng Mapon (Maapon). Ikinumpara ang mga ito ni Jagor (*Ibid.*) sa mga terasang matatagpuan sa Java, Indonesia na ginamit ding mga terasa sa pagpapalay. Bukod sa mga terasa, nabanggit din na magubat ang lugar na kanilang dinaanan. Ang ruta’y halos nakatago sa gubatang lugar ngunit makikita pa rin ang mga terasa mula sa daan.


Sa pagtatanim ng palay sa terasa, siguradong kinakailangan ng sapat na tubig kaya importanteng mapag-aralan ang paraan ng irigasyon. Mula sa mga maliliit na bukal sa tuktok ng bundok, pinapaagos ang tubig



Larawan 2

Terasang palayan sa Java, Indonesia.
(<http://www.tropicalisland.de/java.html>).

sa mga ginawang kanal pababa hanggang matubigan ang mga palayan mula sa tuktok ng bundok hanggang sa kanyang paanan. Katambal ng tubig ulan, mas madaling magamit ang ganito upang hindi sumobra ang tubig na maaaring sumira sa palayan (Kulken, 1994), tulad ng karanasan sa mga terasang taniman ng gabi sa Fiji (Kuhlken, 1994; Kuhlken at Crosby, 1999), bagay na hindi naman naging problema sa Hawai'i (*cf.* Larawan 3).



Larawan 3

Terasang *lo'i kalo* o taniman ng gabi
(*Colocasia esculenta* Linn.)
sa Hawai'i, Polynesia
[[http://www.ntbg.org/plants/
plant_details.php?plantid=3155](http://www.ntbg.org/plants/plant_details.php?plantid=3155)].

Ayon sa kasaysayan ng Laguna mula sa mga isinulat ng mga prayle sa kanilang pagdating sa Pilipinas, malawak at malalim na ang Laguna de Bai. Maaari kaya na nagpatuloy ang paggamit ng mga terasa sa Majayjay hanggang sa bahagyang umaakyat na bundok ng Banahaw bago pa man sila dumating? Madalas na ginagamit ang larawan ng heograpiya ayon sa mga naninirahan upang pangalanan ang lugar. Sa pagsusuri ni Manuel (1971) sa wika at terminolohiyang ginagamit ng mga taga-Tayabas, dalawa ang kahulugan ng salitang “hayhay”

(o “halayhay”). Ito’y ginagamit sa pagsampay sa mga pinatuyong karne, at bilang “...tali na nakakabit na pakalatong na ginagamit na pamugaw sa ibon at iba pang hayop... (at) dugtungdugtong na buli na ginawang panaboy sa pamamating” (*Ibid.*, pah. 44). Mula sa ikalawang kahulugan, makikita ang kaugnayan nito sa palayan – *i.e.*, ang pangangailangan ng napakaraming panakot sa mga ibon. Maaari kayang ito’y upang hindi masalanta ang kanilang palayan? Sa Tagalog, ang pagkabit ng “*ma-*” sa unahan ng salita ay

nagpapakahulugang “mayroon” sa isang lugar, habang pagpaparami naman ang pag-uulit ng salita. Samakatuwid, ang *mabaybay* ay maaaring nangangahulugang “lugar na may maraming “*bay*.” Hinala ni Manuel (1994, pah. 57) na ang salitang “hay” ay maaaring lumang salita na nangangahulugang “terasa,” na siyang naglalarawan sa mga palayang pumapalibot sa rehiyon ng Majajjay.

Kailan ginawa at ginamit ang mga terasang palayan ng Laguna?

Ipinaliwanag ni Beyer (1955) ang kanyang haka-haka ukol sa simula ng mga terasa gamit ang kanyang mga obserbasyon at matagal na pagkakilala sa mga Ifugao. Ang kaalamang ito ay, ayon sa kanya, unang dinala noong 2000 hanggang 1000 B.K. ng isang komunidad na may kultura na ng paggawa ng mga terasa. Kalakip nito ang pagmimina at paggamit ng tansong materyales, pati na rin ang mga daras na yari sa bato (Beyer, 1948, pah. 55). Inisip niya na ginawa sa kalapitang Ilog ng Agno ang mga pinakaunang terasa, at malaong lumaganap patungo sa Ilog ng Kayapa, kung saan mayroon siyang natagpuan na mga nilisang terasa (Beyer, 1955, pah. 391). Ebidensya di-umano ito ng hindi maayos na pagkagawa ng terasa. Nagpatuloy ang paggawa ng mga terasa patungo sa Bontoc hanggang umabot ito sa Ilog ng Cagayan. Ayon kay Beyer, ang mga terasang pumapalibot sa lawa ng Ba'i ay nagawa lamang noong mga taóng 300 B.K.

Ayon naman kay Manuel (1994), isang grupo na may kaalaman sa paggamit ng terasang palayan ang nakarating mula sa Gulpo ng Lingayen. Sinundan ng isang grupo ang Ilog ng Agno patungong kabundukan. Namuhay sila sa may Kayapa, at sila ang gumawa ng mga terasa sa Banawe. Isa rin namang grupo ang pumaroon di-umano sa Look ng Maynila at sinundan pailaya ang Ilog ng Pasig. Ang grupong ito ang siyang

ipinapalagay na nanirahan at gumawa ng mga terasang palayan ng Majayjay, Laguna. Nang lumaon, iniwan din daw nila ang ibang mga terasa at nagtanim sa mga patag na lugar ng Rizal at Bulacan. Isa sa mga ebidensya di-umano ay ang pagkakahawig ng ilang mga salitang ginagamit ng mga Ifugao at Tagalog (Manuel, 1994, pah. 53-54).

Hindi lahat ay sang-ayon sa kalumaan ng mga terasang palayan ng Ifugao. Isa na rito si Keesing (1962) na nagsabing epekto lamang ng pagsakop ng mga Kastila ang paglaganap ng mga terasa patungong ilaya ng mga ilog. Ito rin ang nagtulak sa paggawa ng mga terasa sa mga matatarik na bundok ng Kordilyera. Sang-ayon dito ang bagong pag-aaral ni Acabado (2009), na nagbigay petsa sa mga terasa ng Ifugao gamit and C.¹⁴ Hindi siya ang unang gumawa ng ganito (Maher, 1973), ngunit nagbigay-lakas ang kanyang pag-aaral sa mga naunang mga pananaliksik dahil nanggaling sa *gopnad* o pundasyon ng terasa ang kanyang pinag-aralan. Ayon sa kanyang konklusyon, mabilis na lumaganap ang mga terasang palayan sa loob ng 300 taon mula 1486 hanggang 1799 M.K., mula sa kapatagan hanggang sa matatarik na bahagi ng bundok (Acabado, 2009, pah. 11). Marahil ito'y paraan ng pagtugon ng mga tao bilang pag-iwas sa pagdating ng mga Kastila. Maaaring paraan din ito upang mapalago at maparami ang kanilang palay upang sumapat sa kanilang pangangailangan.

Bukod sa etnolingguwistikong paraan ng pagtingin sa koneksyon ng mga Ifugao at Tagalog, kailangan ding tingnan ang arkeolohikal na ebidensya upang mapagtibay ang teoryang iisa ang kanilang pinanggalingan. Kailangan ding malaman kung kailan nga ginawa ang mga terasang nabanggit, at lalung-lalo na, mapaghambing ang kanilang pagkagawa at pagkagamit. Nabanggit nina Cayron at Barretto (2003) na may pagkahawig ang mga terasang makikita sa Tayabas sa paraan ng paggawa ng mga terasa sa Kordilyera, na siya ring nabanggit ni Beyer (1955, pah. 395). Pareho rin ba ang mga materyales na ginamit sa mga terasa ng bawat rehiyon? Ayon sa naisulat ni Conklin (1980;

hango kay Acabado, 2009), hinuhukay hanggang sa orihinal na lupa ang bundok sa pagpapatayo ng pader ng terasa. Ginagamit kaya ang bato sa paggawa ng mga terasa ng Laguna, bukod pa sa paggamit lamang ng putik? O dili kaya, may kaibahan ba ang mga terasang makikita sa Laguna at Tayabas?

Pamamaraan ng buhay noong ika-10ng dantaon?

Hindi pa man klaro ang mga petsang nabanggit sa iba't ibang mga pag-aaral na nagawa ukol sa terasa, importanteng suriin ang mga palayan ng Laguna, lalung-lalo na ang pagkakaiba ng mga tubigan. Bagamat ginagamit pa ang malawak na terasang palayan sa tabi ng Bundok ng Banahaw, karamihan din dito ay nilisan na. Bukod sa palay, maaari rin kayang tinamnan ang mga terasa ng ibang gulay tulad ng gabi, na itinatanim sa iba't ibang bahagi ng Pasipiko (Addison, 2008; Spriggs, 2002; atbp.), sa mga panahong hindi puwedeng tamnan ang terasa ng palay dahil wala pa (o wala na) nito? Malaki ang importansya ng gabi sa kabuhayan, at madalas pa itong itinatanim sa mga kapatagan hanggang ngayon, sa mga lugar kung saan may tubig.

Bukod sa etnolingguwistikong ebidensya sa koneksyon ng mga Ifugao at Tagalog, ayon sa nabanggit ni Manuel, maiging tingnan din ang paraan ng paggamit ng mga salita ng mga taga-Laguna at Tayabas. Dapat bigyan ng pansin ang partikular na paggamit ng mga salita sa paglalarawan ng mga taga-Laguna at Tayabas sa kaibahan ng bahaging taas at baba ng kanilang mga lupain. Halimbawa rito ang salitang “*pagapag*” na “...*kalatagan ng lupa na halos pantay ang mga ahunin at lusungin*” (Manuel, 1994, pah. 259), kasama na ang “*anlay – dahandabang taas, ahon, lusong o baba*” (*Ibid.*, pah. 33), at iba pang mga terminong ginagamit. Ito’y maaaring ginamit (at ginagamit pa kaya?) kasama ng paggawa ng mga terasang palayan na nagbibigay-patunay sa importansya ng lusong at ahon ng lupa.

Sa pag-aaral nina Paz, *et al.* (2003), binanggit nilang hindi naka-temang pangrelihiyon ang mga awit pang-Santacruzán (na ginaganap tuwing Mayo taon-taon); at ang mga ritwal at awitan ay mga labí ng kaugalian ng pagpapasalamat tuwing panahon ng pag-aani bago pa man dumating ang mga Kastila. Nabanggit din ni Queaño (1985) ang tema ng mga awitan sa paggamit at mga milagro ng kahoy at mga binhi ng Banal na Puno. Kasama rin dito ang mga himala na nagawa nito para sa mga santo at santa. Mapapansin din na madalas gamitin sa kanilang awitan ang mga salitang may kinalaman sa pagsasaka. Gaya nina Paz, *et al.* (2003), sinabi ni Queaño (*ibid.*) na maaaring ginamit ang mga awitan bilang bahagi ng mga ritwal kung saan ang mga namumuno ay mayroong kapangyarihan. Kung ang Santacruzán ng Tayabas nga ay nagmula sa mga pagdiriwang para sa pag-aani, maaaring nanggaling ang mga awitang ito bago pa man dumating ang mga Kastila, at nagpapakita na kung gaano kahalaga ang pagsasaka sa buhay ng mga taga-Tayabas. Maaari rin kayang may kinalaman ito sa paggamit ng terasa sa pagsasaka sa Laguna?

Limitadong Pagbabasa

Isa pang pagpapatunay na matagal nang may naninirahan sa Tayabas ay ang Neolitikong sayt na natagpuan ni Beyer na sa kasamaang-palad ay nawala noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Inulat din ni Beyer na may mga natagpuang paglilibing gamit ang mga banga sa Tayabas, at ipinapalagay niyang ginawa ang mga ito noong ika-14 hanggang ika-15ng dantaon M.K. (Beyer, 1947, pah. 220). Ginamit ni Beyer ang *relative dating* sa pagbibigay-panahon sa mga libing.



Larawan 4.

Nilisang terasa na makikita sa Lobo, Batangas. [Hango kay Barretto-Tesoro, 2008, pah. 17]

Sa sarbey na ginawa ni Barretto-Tesoro (2008, pah. 21) nabanggit ang ebidensya ng nilisang terasa sa Banalo, Lobo, Batangas (*cf.* Larawan 4). Ayon sa ulat, dati pa raw naroon ang terasa sa kanilang lupa, at hindi nila alam kung kailan ito ginawa. Nakahanap sa sayt na ito ng mga basag na palayok at tapayan. Sa kasalukuyan, hindi pa alam kung anong panahon nagawa ang mga liktáo. Ginagamit ng mga may-ari ang mga terasa bilang taniman ng mga puno ng mangga at niyog. Maiging pag-aralan ang mga terasang ito upang makita ang pagkakaiba ng teknolohiya ng paggawa sa mga terasang matatagpuan sa iba pang bahagi ng Katagalugan. Maaari rin nating malaman kung gaano kalayo umabot ang kaalaman ng paggamit ng terasa. Kasabay nito, malalaman din kung ito nga ba ay bahagi ng kalinangan ng mga Tagalog na siyang ginamit bilang paraan ng kanilang pamumuhay noong ika-10ng dantaon.

Mula sa mga terasang palayan na kasalukuyang makikita sa Majayjay, Laguna hanggang Tayabas, Quezon, sa mga ebidensya ng mga nilisang terasa ng Lobo, Batangas, at pati na rin sa mga nabanggit na terasa ng Lucban at Mauban, Quezon,



Larawan 5

Terasang palayan sa Tayabas, Quezon [Kuha ni Archie Tesoro, ika-29 ng Agosto, 2009].

makikita ang importansya ng pag-aaral ng posibleng katandaan ng mga palayang ito (*cf.* Larawan 5). Mahigit pa roon, malalaman natin kung paano ito nakaapekto sa pamumuhay ng mga pamayanan bago pa man dumating ang mga Kastila. Sa dami ng mga terasang palayan sa bahagi ng Katagalugan, posibleng dahilan ng kanilang paglaganap ang pagtatanim ng palay. Sa ngayon, kailangan ding tingnan kung ano ang iba pang

ebidensya ng kanilang pamamaraan ng kabuhayan, bukod sa pagtatanim ng palay at pagkakaingin.

Dala ng mga bagong kaalaman, hindi mahirap isipin na malaki ang naging papel ng mga terasa sa pamumuhay ng mga Tagalog. Ayon sa nabanggit ni Tiongson (sa aklat na ito), madaling maisip na ang mga palayang nakapaligid sa Kasumuran ang siyang minsang bumuhay – at siya pa ring bumubuhay – sa mga táong nakatira sa Laguna, Quezon, at iba pang bahagi ng rehiyong Tagalog.

SANGGUNIAN

- Acabado, S. (2009). A Bayesian approach to dating agricultural terraces: a case from the Philippines. *Antiquity*, 83, 1-14.
- Addison, D. J. (2008). The Changing Role of Irrigated *Colocasia esculenta* (taro) on Nuku Hiva, Marquesas Islands: From an Essential Element of Colonization to an Important Risk-Reduction. *Asian Perspectives*, 47(1), 139-155.
- Alvero-Boncocan, R., & Diestro, D. D. A. (2002). *19th century conditions and the revolution in the Province of Laguna, Laguna*. Lunsod ng Quezon: Center for Integrative and Development Studies, Unibersidad ng Pilipinas.
- Barretto-Tesoro, G. (2008). *Preliminary Report on the Survey in Southeastern Batangas from 10 April to 2 May 2008*. Hindi Nakalathalang Ulat. Archaeological Studies Program, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.
- Barretto-Tesoro, G. (2010). Ano at Saan ang Lumban sa Pagdating ng Kastila? Sa M.C.V. Peñalosa (Pat.), *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna. Tampok ng Talastasang Bakas* (pah. 283-304). Pilipinas: Bagong Kasaysayan, Inc.-Bahay Saliksikan sa Kasaysayan & Pila Historical Society Foundation, Inc.
- Beyer, H. O. (1948). Philippine and East Asian Archaeology, and its Relation to the Origin of the Pacific Islands Population. *National Research Council of the Philippines Bulletin*, 29. Lunsod ng Quezon: Unibersidad ng Pilipinas.
- Beyer, H. O. (1955). The origins and history of the Philippine rice terraces. *Proceedings of the Eighth Pacific Science Congress*, 1, 387-398.
- Cayron, J., & Barretto, G. (2001). A Preliminary Archeological Survey in Tayabas, Quezon. *Test Pit*, 2(1): 7-8.

- Conklin, H. (1980). *Ethnographic Atlas of Ifugao: A Study of Environmental, Culture and Society in Northern Luzon*. New Haven (CT), USA: Yale University Press.
- Hayami, Y., & Kikuchi, M. (2000). *A Rice Village Saga: Three Decades of Green Revolution in the Philippines*. London, U.K.: Barnes and Noble.
- Jagor, F. (1916). *The Former Philippines thru Foreign Eyes (the out-of-print 1875 English corrected from original German text)*. C. Austin, Translation (1875). Manila, Pilipinas: Philippine Education Co.
- Keesing, F. (1962). *The ethnohistory of northern Luzon*. Stanford (CA), USA: Stanford University Press.
- Kuhlken, R. (1994). Tuatua ni Nukauvadra: A Fijian Irrigated Taro Agrosystem. Sa J. Morrison, P. Geraghty at L. Crowl (Mga Pat.), *Science of Pacific Island Peoples: Land use and agriculture*, 2, 51-62. Suva: Institute of Pacific Studies.
- Kuhlken, R., & Crosby, A. (1999). Agricultural Terracing at Nakauvadra, Viti Levu: A Late Prehistoric Agrosystem in Fiji. *Asian Perspectives: The Journal of Archaeology for Asia and the Pacific*, 38(1).
- Maher, R. F. (1973). Archaeological Investigations in Central Ifugao. *Asian Perspectives*, 16(1), 39-70.
- Manuel, E. A. (1971). Lexicographic Study of Tayabas Tagalog. *The Diliman Review*, 19.
- Manuel, E. A. (1994). *Documenting Philippineasian: an inquiry into the ancestry of the Filipino people, their early culture and prehistory before the Christian era*. Lunsod ng Quezon: New Luna Press.
- Paz, V., Lagmay, M., & Barretto-Tesoro, G. (2003). Second Preliminary report on Tayabas Material Culture Project. *Test Pit*, 2(2): 15-18.
- Queaño, N. V. (1985). *Poetry and Ritual in the Tayabas Santacruzán*. Hindi Nakalathalang Tesis Masteral, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lunsod ng Quezon.
- Reyes, T. (2009, Setyembre 12). Personal na komunikasyon.
- Scott, W. H. (1994). *Barangay: Sixteenth-century Philippine culture and society*. Lunsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Spriggs, M. (2002). Taro Cropping Systems in the Southeast Asian-Pacific Region. *Japan Center for Area Studies*, 16, 77-94.
- Tiongson, J. (2010). Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna: Bagong Pagpapakahulugan. Sa: M.C.V. Peñalosa & Zeus A. Salazar, PhD. (Mga pat.), *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna* (pah. 17-86). Pilipinas: Bagong Kasaysayan, Inc.-Bahay Saliksikan sa Kasaysayan & Pila Historical Society Foundation, Inc.

Limitadong Pagbabasa